# Dapat bang maniwala ang tao sa Diyos?

Ang tao ay kailangang maniwala, maging sa tunay na Diyos o sa anumang huwad na diyos. Maaaring tawagin niya itong Diyos o ibang pangalan, at maaaring ang diyos na ito para sa kanila ay isang puno, bituin sa langit, babae, pinuno sa trabaho, teoryang pang-agham, o kahit na sarili niyang pagnanasa. Ngunit kailangan niyang maniwala sa isang bagay na sinusunod niya, pinapahalagahan niya, at pinagbabatayan niya ng kanyang pamumuhay, at maaaring mamatay siya para rito. Ito ang tinatawag nating pagsamba. Ang pagsamba sa tunay na Diyos ay nagpapalaya sa tao mula sa "pagkaalipin" sa iba at sa lipunan.

---

سؤال وجواب حول الإسلام
Source: https://www.mawthuq.net/demo/qa/tl/show/1/
Arabic Source: https://www.mawthuq.net/demo/qa/ar/show/1/
Sunday 11th of October 2026 02:11:31 PM